



REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION
NEGROS ISLAND REGION



MENSAHE

Maganda at masayang pagmasdan na ang ating mga mag aaral sa elementarya sa buong Isla ng Negros ay nagsipagtapos at nakamit ang tagumpay sa unang hagdan ng edukasyon. Maaring ito ay unang tagumpay subalit ito ay isang batayan ng pagsusumikap ng ating mga magulang at bigay todong suportang sa ating mga anak at lalong lalo na sa edukasyon.

Ang pamunuan ng Rehiyong Isla ng Negros ay buong pusong nagbibigay pugay sa ating mga magulang sa pagmamahal at pag aaruga sa ating mga kabataan upang sila ay maging progresibo at disiplinado sa buhay. Ang makapagtapos sa elementarya ay tanda ng tunay ng pagmamahal ng ating mga magulang sa ating mga anak. Isa itong regalo na hindi kayang agawin ng ibang tao. Isa rin itong simula sa pagbukas ng pintuan sa susunod na mga hakbang papunta sa sekondarya.

Sa ating mga nagsipagtapos ito ay simula rin ng inyong patuloy na pagharap sa mga aral ng buhay. Kailangan nating paghandaan ang mga darating na masasayang pagsubok pagdating sa sekondarya. Dahil sa kayo ay naihanda ng ating mga masisipag na kaguruan sa mga paaralang pang elementarya ng Negros, kami ay may mataas na pagtitiwala na kayang kaya nyong harapin ang mga aral sa buhay na darating. Iyan ang dulot ng K to 12, ang kayo ay maging handa sa buhay anuman ang dumating o maging balakid sa ating mga daraanan tayo ay handang handa. Ang K to 12 ay para sa inyo at para sa tunay at makabuluhang pag unlad ng ating bayan.

Bagamat mahirap sa simula ang ganap na pagpapatupad ng K to 12 dahil sa karamihan ay kumukontra na wari ay kulang at hindi malinaw ang maidudulot sa buhay ng mga tao ang pagbabago sa ating edukasyon. Subalit sa unti unting malinaw na pagpapaliwanag at pagpapahayag ng kahalagahan ng pagbabago, marami na rin ang naantig ang puso't damdamin na ituloy ang magandang simulain ng K to 12. Kailangan muna nating maghirap at magsakripisyo para makamtan ang minimithing kaunlaran. Hindi agad agad malalasang ang tagumpay ng K to 12 sa unang mga taon dahil kailangan nating ayusin at punuin ng mga kinakailangang gamit at guro ang ating mga paaralan. Subalit sa panahong ito ay ating natikman at nakita ang mga biyayang naidulot ng k to 12. Maraming silid aralan ang naipatayo at maraming guro ang naidagdag sa mga paaralan. Ito ay dahil sa malaking dagdag sa taunang budget ng Kagawaran Ng Edukasyon.

Isang malaking karangalan na ako ay maging bahagi ng inyong pagtatapos dito sa bagong rehiyon, ang Negros Island Region (NIR). Asahan nyo na tayo ay magtutulongan upang patuloy na maiangat ang kalidad ng edukasyon sa ating napakabatang rehiyon.

Mabuhay ang mga nagsisipagtapos sa elementarya! Hangad namin ang inyong tagumpay sa hinaharap.

GILBERT T. SADSAD, CESO V
Director-III

DepEd-NIR Office, West City Elementary School Campus, Dumaguete City, 6200

TEL: (035) 422 6227 / **E-MAIL:** depednir@gmail.com

FB: facebook.com/depednir / **WEB:** depednir.weebly.com

DepEd-NIR Office, West City Elementary School Campus, Dumaguete City, 6200
TEL: (035) 422 6227 / **E-MAIL:** depednir@gmail.com
FB: [facebook.com/depednir](https://www.facebook.com/depednir) / **WEB:** depednir.weebly.com